SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG ABRIL 16, 2024, MARTES, IKA-10:05 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Mark Anthony M. Juangco | ..... | Kagawad/ Pangulo – SK Pederasyon |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad – legal reason |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |

RECORDED 25 APR 2024 Sangguniang Bayan Office Santa Cruz, Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN STA. CRUZ, LAGUNA RELEASED NAME mai DATE 04/29/24 TIME ____

**KAPASIYAHAN BLG. 235-T2024**
**KAPASIYAHANG KINIKILALA ANG BUKLOD TODA FEDERATION, SANTA CRUZ, LAGUNA, INC. BILANG ISANG PEOPLE'S ORGANIZATION NG BAYANG ITO.**

**SAPAGKAT**, may kahilingan sa Sangguniang Bayan na may petsa Pebrero 08, 2023 na kilalanin ang Buklod TODA Federation, Santa Cruz, Laguna, Inc. bilang isang lehitimong samahan ng pampamahalaan na maging bahagi ng Civil Society Organization ng bayang ito;

**SAPAGKAT,** ang naturang kahilingan ay nararapat upang patuloy na maging kabahagi at kabalikat ang nabanggit na samahan sa mga programa ng pamahalaang bayan gayundin ay nakapagsumite ang samahan ng kaukulang dokumento sa kanilang pagkilala;

**SAPAGKAT,** layunin ng Pamahalaang Bayan ang mabigyan ng tamang pagkilala at mapasama bilang isang Civil Society Organization ang naturang samahan sa bayan ng Santa Cruz, Laguna.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kgg. Laura P. Obligacion (Tagapamuno ng Lupon sa Kautusan at Batas), na pinangalawahan nina Kgg. Ambiel John C. Panganiban, Kgg. Esmeraldo C. De Las Armas, Jr., Kgg. Norman T. Tolentino, Kgg. Mark Anthony M. Juangco at Kgg. Lucena R. Odejar at sa pagsang-ayon ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Kilalanin ang Buklod TODA Federation, Santa Cruz, Laguna bilang isang People's Organization ng bayang ito.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, CSO Desk Officer, DILG, Buklod TODA Federation, Sta Cruz, Laguna, Inc at mga may kinalaman, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Abril 16, 2024.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA LUISA F. JOLO**
Gumaganap na Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan

4/25/24 322